Wag pong magpabahala during summer bakasyon at *"obon"* holiday

Meron pong lumabas ulit na [2nd emergency] sa prefecture po natin.Lalo na po sa pagdami ng inpeksyon sa loob ng pamilya at pagdami din po ng inpeksyon ng mga matatanda.Kaya sana po na lalo pa pong mag-ingat sa dadating na summer bakasyon at *"obon"* holiday.

1.Maging careful po tayo sa aksyon natin sa bakasyon

○ Kapag magbabakasyon o uuwi po sa ibang prefecture,alamin po kung ano ang nangyayari sa lugar na pupuntahan at siguraduhin na wala pong sakit ang buong pamilya.

○ Iwasan po ang lugar o selebrasyon na maaaring mainpeksyon katulad ng magdinner ng maraming tao sa labas,magparty,barbeque o kaya naman karaoke and etc.

○ Iwasan din po ang paglakas ng boses kapag may kausap,inuman po sa labas o kaya pumunta sa mga lugar na madaming tao (lalo na po sa Nagoya).

2.Siguraduhin po na meron pong ginagawa para maiwasan mainpeksyon ang pamily

○ Siguraduhin po ang [gumawa ng space between sa mga tao],[magsuot po ng mask], at [maghugas ng kamay].Lalo na po sa mga matatandang na inpeksyonan.

○ I-check po palagi sa kapamilya kung ginagawa po ang paraan para hindi mainpeksyon.

・Katulad ng [kapag umuwi na sa bahay siguraduhing maghugas ng kamay] , [alamin kung saan pupunta] , [alamin kung ano ang pakiramdam every day]

Aug.07.2020

From the Governor of Gifu prefecture:
FURUTA Hajime